REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

SANGGUNIANG BAYAN

**KAPASIYAHAN BILANG 40**

**KAPASIYAHAN NA NAGTATAKDA NG GUGUGULING PANANALAPI SA PAGPAPAAYOS NG BARANGAY HALL AT DAY CARE CENTER SA SITIO MASAGANA, PUROK XI, ALABANG, MUNTINLUPA, KALAKHANG MAYNILA SA HALAGANG PITONG LIBO LIMANG DAAN ANIMNAPU'T APAT AT LABING APAT NA SENTIMO (₱7,564.14).**

* * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * *

SAPAGKAT, tuwing dumarating ang tag-ulan ay pinapasok ang mga ito ng tubig dahil sa mga sirang bubungan, dingding at kakulangan ng mga bintana at pintuan;

SAPAGKAT, ang isa sa pangunahing tungkulin ng Sangguniang Bayan ay pangalagaan ang kaayusan at kaligtasan ng bawat mamamayan lalo na ng mga maliliit na batang nagsisipag-aral;

SAPAGKAT, ang Barangay Hall ay madalas na pinagdadausan ng mga pulong ng mga namumuno sa barangay at ng mga mamamayan doon upang pag-usapan ang mga suliranin o ang mga magagawang kabutihan sa nasabing barangay;

SAPAGKAT, ang Day Care Center ay nagsisilbing paaralan sa mga maliliit na bata sa kanilang unang hakbang sa pag-aaral at pagtuturo sa mga magulang ng tamang sistema ng pag-aalaga ng mga musmos na bata tungkol sa kalusugan at kaayusan;

NGAYON, DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ay nagkaisa para sa paglalaan ng halagang gugugulin sa pagsasaayos ng Barangay Hall at Day Care Center sa Alabang sa halagang PITONG LIBO LIMANG DAAN ANIMNAPU'T APAT AT LABING APAT NA SENTIMO (₱7,564.14).

PINAGTIBAY NG BUONG PAGKAKAISA ng Sangguniang Bayan sa kanilang pangdalawampu't isang (21st) pangkaraniwang pulong na ginanap noong ika-11 ng Hulyo, 1988.

KGG. JAIME R. FRESNEDI
Pansamantalang Pangulong Opisyal

KGG. REY E. BULAY
Konsehal

KGG. LUCIO B. CONSTANINO
Konsehal

KGG. NOLASCO L. DIAZ
Konsehal

KGG. EPIFANIO A. ESPELETA
Konsehal

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

SANGGUNIANG BAYAN



**KGG. RUFINO B. JOAQUIN**
**Konsehal**

**KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ**
**Konsehal**

**KGG. NEMESIO O. MOZO**
**Konsehal**

**KGG. ROMAN E. NIEFES**
**Konsehal**

**KGG. ROGER C. SMITH**
**Konsehal**

**KGG. CARLO G. TENSUAN**
**Konsehal**

**RRC:vts**